


EPP-IA

Modyul 7: “Maging Produktibo Tayo”



**EPP-IA Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 7: Maging Produktibo Tayo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Babilene R. Bascuña

Editor: Jelly M. Flores

Tagasuri: Filip P. Cañas

Tagaguhit: Fatima Preciousa T. Cabug

Tagalapat: Fatima Preciousa T. Cabug

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500

Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373

E-mail Address: deped.rov@deped.gov

EPP-IA

Modyul 7:

Maging Produktibo Tayo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang pagpapahalaga ng nabuong proyekto at paraan upang maging kapaki – pakinabang ito. Malaman ang wastong pagtutuos ng nagastos at kinita ng nabuong proyekto upang makatulong sa inyong pamumuhay.

Sa Modyul na ito ay inaasahang naisasagawa ng mga mag – aaral ang mga sumusunod:

- Naibebenta ang nagawang proyekto
- Natutuos ang presyo ng nabuong proyekto
- Nakapagsaliksik ng mga lugar na pagbibilhan ng produkto
- Natutukoy ang ilang paraan ng pag – hihikayat ng mamimili
- Wastong pag – aayos ng produktong ipagbibili at pagbebenta nito
- Natutuos ang puhunan, gastos, at kita



Subukin

Ibigay ang iyong opinion sa mga sumusunod na sitwasyon.


1. Marami ang bunga ng puno ng mangga nina Mang Rolly, kaya naman pinakiusapan niya ang kanyang mga anak na ilako at ipagbili ito sa mga kapitbhay. Karagdagang kita ito sa kanilang pamilya.

Tanong: *Anong produkto ang ipinalalako ni Mang Rolly sa kaniyang anak? Tama ba na ipagbili ito? Paano ito nakatulong sa kanilang pamilya?*

2. Kung kayo ay gagawa ng inyong proyekto gaya ng pagtahi ng punda, paano at magkano mo ito ibebenta?
3. Mahilig magluto ng kakanin ang inyong nanay gaya ng suman. *Saan at paano mo ito maibebenta?*
4. Kung kayo ay mamimili, paano kayo naiinganyo na bilhin ang isang produkto?
5. Ano ang ibang paraan ng pagbebenta ng inyong produkto o disenyo maliban sa paglalako?

Aralin 7





INDUSTRIAL ARTS: “Maging Produktibo Tayo”



Balikan

Ano – ano ang mga kagamitan sa pag - gawa ng proyekto na kapaki -pakinabang at matatagpuan sa inyong pamayanan?

Iguhit ang bituin sa kaukulang gamit ng mga sumusunod na halimbawa ng proyekto.

Proyekto	Pangalan ng Kagamitan
Basahan 	Tela, pako
Kabinet 	Nigo, tabla
Coffee jelly 	Kape, lemon
Pen holder 	Pandikit, tabla
Scrapbook 	Hammer, magazines



Tuklasin

Maraming mga kagamitan o bagay sa ating kapaligiran ang maaari nating gawing proyekto o produkto upang maging kapaki-pakinabang at makatulong sa ating pangangailangan sa pang-araw-araw na buhay. Sa ating pag – aaral gumagawa tayo ng proyektong maaaring makatulong sa atin upang mayroon tayong makain.

Paano nga ba natin ito maibebenta? Paano ito makakatulong sa atin?

Ang mga produktong natapos ay maaaring mapagkakitaan kung ang mga ito ay maibebenta. Maraming paraan sa pagtitinda ng mga natapos na produkto. Ang mga sumusunod ay mga paraan kung paano maibenta ang mga produkto:

1. Paggamit ng teknolohiya – gamit ang mga makabagong teknolohiya tulad ng telebisyon, internet. Maaaring maibenta ang mga produkto. hal. gamit ang internet, maaari kayong magpost ng inyong mga produkto gamit ang Facebook.
2. Paglathala ng produkto sa mga pahayagan o kaya naman sa pagpapa – anunsiyo sa radyo.
3. Paggawa ng mga flyers – maaaring ipamigay ang mga flyers na ito sa mga malls o sa lugar na maraming tao.
4. Direktang pagtitinda – maaaring ilako ang paninda o kaya naman maglagay lang ng puwesto sa labas ng bahay.


Mayroon din paraan sa pagtutuos ng presyo ng isang proyekto. Upang alam mo na may kikitain ka dapat alam mo ang paraan sa pagtutuos ng puhunan, ginastos at tubo nito.

Narito ang halimbawa ng pagtutuos ng presyo ng produkto:

1. Proyekto: Table Napkin

Puhunan:

Tela	Php 15.00
Sinulid	Php 10.00
Karayom	<u>Php 5.00</u>
	Php 30.00



Halaga/benta ng Table Napkin: Php 45.00

Tubo ng binenta: Php 15.00

Sa pagbenta ng mag mga produkto ay mahalaga rin alamin kung saang lugar dapat ipagbili ito. Ang mga lugar na pagbibilhan ng mga produkto ay hindi lamang sa mga lugar kung saan sagana ang mga ito. Maaari rin itong matagpuan sa mga lugar kung saan din ito ginagawa. Ang mga malls, farms, o kaya naman maliliit na tindahan ay nagsisilbing mga lugar na maaaring mapagbilhan ng mga produkto. Ito rin ay isang paraan na makatutulong sa mga mamimili na mapadali at mapagaan ang kanilang mga pang araw – araw na gawain.

Upang maipamili ng maayos ang iyong produkto kailangan gawin ang mga paraan ng pag – aayos ng produkto:

1. Ihanda ang mga kailangan sa pag – aayos ng mga produktong ipagbibili.
2. Linising mabuti ang produktong ipagbibili.
3. Ilagay sa tamang lagayan ang mga produktong ipagbibili; tulad ng plastic, kahon, at iba pang lalagyan. Maaaring maglagay ng disenyo sa mga kahon, karton o plastic na gagamitin.
4. Isalansan nang maayos sa loob ng lalagyan.
5. Lagyan ng etiketa ang produkto kung magkano ang presyo

Mga Paraan ng Pagbebenta ng Produkto

1. Planuhin ang tamang lugar kung saan ibebenta ang mga produkto.
2. Maglagay ng mesa at balutan itong tela upang magandang tingnan.
3. Ilatag sa ibabaw ng mesa ang mga produktong ibebenta.
4. Lagyan ng mga palatandaan ang bawat uri ng produkto.
5. Maging magiliw sa mga mamimili ng iyong produkto.

Mga Paraan ng Pagbebenta ng Produkto Gamit ang Internet

1. Ilagay sa tamang pakete at sisidlan ang produktong ibebenta.
2. Ilagay sa maayos na patungan ang mga produkto at kunan ng litrato.
3. Buksan ang computer at internet at mag sign – up sa mga e-commerce na mga site sa internet, tulad ng ayosdito.com, olx.com at iba pang website at market place na puwedeng gamitin.




Suriin

Gamit ang mga paraang napag-aralan para maibenta ang mga nagawang proyekto, mag – isip ng paraan na sa tingin ay akma sa proyektong natapos mo. Halimbawa ng mga proyektong natapos.



1. Pen holders na gawa sa mga lata ng gatas na nilagyan ng mga palamuti.
-

2. Mga pot holders, punasan ng paa gamit ang mga sobrang tela galing sa mga patahian/



Pagyamanin

I. Punan ang talahanayan kung magkano ang tinubo sa sumusund na proyekto.

Proyekto	Puhunan	kinita	Tubo?
Throw Pillow 	Php 35.00	Php 55.00	
Pencil Holder 	Php 20.00	Php 8.00	


<p>Pot Holder</p> 	<p>Php 50.00</p>	<p>Php 20.00</p>	
<p>Dust Pan</p> 	<p>Php 50.00</p>	<p>Php 70.00</p>	
<p>Yema</p> 	<p>Php 75.00</p>	<p>Php 95.00</p>	

II. Tukuyin ang mga lugar na mapagbibilhan ng mga sumusunod na produkto:


tinapay, keyk, at mga pastries _____




Native products tulad ng mga bag at tsinelas na gawa sa abaca _____



Mga pintura, yero, at mga pako _____



Karneng baboy, baka at manok _____



Mga gamot, bandages at iba pang medical products



III. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung wasto ang paraan ng pag – hihikayat ng mamimili at ekis (x) kung hindi.

- _____ 1. Planuhin ang tamang lugar na pagbenetahan ng produkto.
- _____ 2. Maging magiliw sa mga mamimili.
- _____ 3. Hindi na kailangang lagyan ng etiketa ang produkto kung magkano ang presyo.

- _____ 4. Kailangang kanais – nais ang hitsura kapag nagtitinda.
- _____ 5. Ilagay ang mga paninda kahit saang banda ng tindahan.



Isaisip

Maraming produkto ang iyong magagawa kung ikaw ay may tiyaga, malikhain at masipag.

Mga gamit na maaring iresaykel ay pwedeng maging kapaki pakinabang at makatulong sa pangangailangan ng inyong pamilya.

Hindi nakakahiya ang mag-benta ng mga ginawang produkto bagkus isang malaking tulong ito upang mabuhay ang inyong pamilya. Sa simpleng paraan kayo ay makakatulong. Alalahanin ang mga paraan upang makataas ng benta ng inyong produkto at tamang paghikayat ng mamimili. Isipin ding mabuti ang tamang pag aayos ng produkto upang makabenta nang naaayon sa iyong presyo.



Isagawa

Ibigay ang opinion sa sitwasyon na nasa ibaba.

Maraming plastic bottles gaya ng softdrinks at mineral water sa inyong bahay dahil bumibili nito ang inyong magulang para gamitin sa pagtimpla ng gatas at inumin ng inyong maliit na kapatid. Minsan hindi kayo mabigyan ng baon sa eskwela dahil kaunti lang ang sahod ng inyong tatay. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa iyong pamilya at makabili ng pangangailangan sa eskwela?

Isulat ang inyong sagot.



Tayahin

Sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1. Halimbawa ng paraan ng pagtitinda ng produkto.
 - a. Flyers
 - b. Pagkain ng produkto
 - c. Pagtatago ng produkto

2. Ang pagbebenta ng produkto/proyektong nabuo ay isang paraan para madagdagan ang kita ng isang pamilya.
 - a. mali
 - b. tama
 - c. wala sa nabanggit

3. Gumawa kayo ng nanay mo ng lumpia upang ibenta sa labas ng bahay. Sa puhanan ninyong Php 50.00 kayo ay nakagawa ng 25 piraso at ito ay ibenenta ninyo ng Php 3.00 bawat isa, ilan ang magiging kita nito?
 - a. Php 75.00
 - b. Php 50.00
 - c. Php 25.00

4. Linisang mabuti ang produktong ipagbibili.
 - a. tama
 - b. mali
 - c. hindi ko alam

5. Maging masungit sa pagtitinda ang inyong produkto.
 - a. gawin ito
 - b. hindi ito dapat gawin
 - c. wala akong gagawin

6. Maraming tanim ng niyog sa inyong bakuran. Ano ang maaaring maging produkto nito?
 - a. buko juice, walis, upuan
 - b. basahan
 - c. biscuits

7. Mas makakamura sa mga malls kung doon mo ipagbibili ang inyong prodkto.
 - a. tama
 - b. hindi ko alam
 - c. mali

8. Gusto mo gumawa ng polboron upang ibenta sa inyong klase. Saan ka maaring bumili ng sangkap nito?
 - a. drugstore
 - b. hardware
 - c. palengke

9. Gumawa ka ng walis tingting upang ipagbili sa paaralan. Ngunit wala kang naging puhunan kundi pagod at pawis lamang. Gusto mo ito maubos agad upang may pambili ng inyong pagkain. Magkano kaya ang benta mo nito?
 - a. Php 30.00
 - b. Php 15.00
 - c. Php 45.00

10. Malapit lang sa paaralan ang inyong bahay. Ano ang maaaring mong ibenta na maaring tangkilikin ng inyong magkaklase at guro.
 - a. magtayo ng sari – sari store s harap ng inyong bahay
 - b. magtinda ng mga damit
 - c. Wala ako maisip



Karagdagang Gawain

Mag – ikot sa inyong bakuran/paligid at maghanap ng mga bagay na maaring maging kapaki – pakinabang na maaring ibenta upang makatulong sa pamumuhay ng inyong pamilya.

Isulat ang pangalan ng proyekto, materyales, paraan ng paggawa at magkano ang inyong kita sa produkto.

Magaling....Natapos mo na ang modyul na ito at pagbutihin muli sa susunod 😊



Susi sa Pagwawasto

ագարթոօք	Մաքարիսե
Ես ուղղել	Բարձրիք
Տոբե խլլ	Կարե
Կարիսել	Լարլ
բազարս	Լել
Բոլեքո	Բարձրս և՞ Կազարիս

Յսիքս

Ե՛ ճ Ն՛ Ը ց ց Ժ՛ Բ ԼՍ՛ ճ
 Դ՛ ճ Տ՛ Բ Զ՛ Ը Կ՛ ճ Զ՛ Բ

Բազարսսսս

Ե՛ ԸԲՍՑՏՂՕԵ Զ՛ Ը Ը
 Գ՛ ԲՂԵԼՍԿԵ Կ՛ Կ
 Ը՛ ԿՂԸՂՂԵ Զ՛ Ը
 Բ՛ ԿՂԼԼԵ ԲՕՈՍՏԼՏ ՏՂՕԵ Տ Կ
 ճ՛ ԲՂԵԿՂ Դ՛ Կ

Լեռն	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 22՛00	ԲԲ 20՛00
Ուղղ Բս	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00
Բո Կուղել	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00
Բեուլ Կուղել	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00	ԲԲ 20՛00
Լրու Բիլու	ԲԲ 22՛00	ԲԲ 22՛00	ԲԲ 20՛00
Բոլեքո	Բսսսսս	Կիսի	Լրո

ԲԱԶԱՐՍՍՍՍ

Sanggunian

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres, Randy R. Emen, 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral*, Pasig City Philippines 1600: Vibal Group Incorporate

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph